# Recruitment ng bagong volunteers ng QCADAAC, patuloy

Upang mapaigting at mas maging epektibo ang kampanya kontra iligal na droga sa lungsod ng Quezon, patuloy na magre-recruit ng mga bagong volunteers ang Quezon City Anti-Drug Abuse and Advisory Council (QCADAAC) na pinamumunuan ni QC Mayor elect Joy Belmonte.

Ito ay base sa rekomendasyon ng Department of Interior and Local Government (DILG) na dapat ay may 25 miyembro ang bawat Barangay Anti-Drug Abuse Councils or BADACs sa kada 2000 residente kung saan mas matitiyak nito na mapapangalagaan ang mga residente na makaiwas sa bawal na gamot.

"Under QCADAAC, we have been making sure that the Barangay Anti-Drug Abuse Councils or BADACs are functional and effective in their mandate to suppress illegal drugs and criminality at the barangay level. One way to ensure that is through the recruitment of volunteers to help in the barangay's campaign against dangerous drugs," ani Belmonte.

Sa ilalim ng QCADAAC, nagsagawa ang lokal na pamahalaan ng BADAC functionalization workshops para sa mga punong barangay mula Distrito 1 hanggang 6 at nagpatupad din ng pagsasanay para sa mga BADAC focal persons ukol sa community-based recovery programs para sa mga drug user.

Ayon pa kay Belmonte, sa ilalim ng bagong administrasyon ay mas patitindihin pa ang ugnayan ng lokal na pamahalaan sa mga barangay officials at volunteers upang mapanatiling ang mga drug-cleared communities ay patuloy na libre sa illegal drugs.

Nabatid naman na ngayong 2019 ay may 30 drug-cleared barangay ang naideklara ng QCADAAC sa lungsod. *(Angie dela Cruz)*